

Paunawa tungkol sa sistema ng tulong para sa pagpasok sa paaralan

Ang lungsod ng Hiroshima ay nagbibigay ng tulong para sa mga gastusing kailangan sa pag-aaral sa municipal elementary o junior high school tulad ng gastusin sa kagamitan sa pag-aaral, gastusin sa tanghalian at iba pa.

Ang sumusunod ang batayang halaga ng suweldo. Makipagkonsulta kung nahihirapan nang pinansyal sa pagpapaaral ng inyong anak sa paaralan.

(Batay sa taong piskal 2016 (Heisei 28) ang halagang ito. Tinatayang batayang halaga ito kaya't maaaring magkaiba ayon sa edad ng bumubuo sa sambahayan at iba pa.)

Klasipikasyon	Halimbawa ng Bumubuo sa Sambahayan (Modelo)	Kabuuang taunang kita ng sambahayan (Kabuuang taunang suweldo)
2 katao sa sambahayan	Nag-iisang magulang (20-39 anyos) at 1 anak (1 baitang sa elementary)	Mga 2.24 milyon yen (Mga 3.46 milyon yen)
	Nag-iisang magulang (40-49 anyos) at 1 anak (1 taon sa junior high school)	Mga 2.40 milyon yen (Mga 3.68 milyon yen)
3 katao sa sambahayan	Mag-asawa (20-39 anyos) at 1 anak (1 baitang sa elementary)	Mga 2.86 milyon yen (Mga 4.25 milyon yen)
	Mag-asawa (40-49 anyos) at 1 anak (1 taon sa junior high school)	Mga 3 milyon yen (Mga 4.43 milyon yen)
4 katao sa sambahayan	Mag-asawa (20-39 anyos) at 2 anak (1 baitang sa elementary at sanggol)	Mga 3.3 milyon yen (Mga 4.8 milyon yen)
	Mag-asawa (40-49 anyos) at 2 anak (1 taon sa junior high school at ika-3 baitang sa elementary)	Mga 3.6 milyon yen (Mga 5.18 milyon yen)

(Mag-ingat) Ang kabuuang taunang kita ay

- ang halaga pagkatapos ng pagbabawas sa sahod sa sertipiko ng binawas na buwis (*gensen chōshūhyō*) para sa taong kumikita sa sahod.
- ang halaga pagkatapos ibawas ang mga kinailangang gastusin sa halaga ng taunang suweldo para sa taong kumikita sa sariling negosyo.

Mga gastusing sakop sa tulong

(1) Gastusin sa kagamitan sa pag-aaral at iba pa

(Taunang halaga para sa taong piskal 2016 (Heisei 28))

1 baitang sa elementary: 12,990 yen	2-6 baitang sa elementary: 15,220 yen
1 taon sa junior high school: 24,590 yen	2 at 3 taon sa junior high school: 26,820 yen

(2) Gastusin sa kagamitan sa pag-aaral ng bagong mag-aaral

(Taunang halaga para sa taong piskal 2016 (Heisei 28))

1 baitang: 20,470 yen	1 taon sa junior high school: 23,550 yen
-----------------------	--

(3) Gastusin sa tanghalian sa paaralan, (4) Gastusin sa school excursion, (5) Gastusin sa outdoor activities, (6) Gastusing medikal para sa partikular na sakit at iba pa (Para sa taong tumatanggap ng tulong sa pamumuhay (*seikatsu hogo*), sakop lamang ang gastusin sa school excursion at gastusing medikal para sa partikular na sakit.)

Kung may bagay na hindi maintindihan, makipagkonsulta sa paaralang pinapasukan ng inyong anak o sa School Affairs Division ng Board of Education (504-2469).